

1

This was going to be Lynette's first interior design project! Bum nang anim na buwan pagkatapos ng graduation sa kolehiyo ay tinawagan siya ng kanyang Tita Luz para mag-design ng mansyon ng kaibigan nito sa Ilocos Norte. Hindi pa siya nakapunta sa Ilocandia at kahit natatakot magbiyahe mag-isa ay hiniram niya ang lumang bughaw na *Toyota Corolla* ng kanyang papa at nagbiyahe.

“It is the biggest mansion I've ever seen,” kuwento ng kanyang tiyahin. “Napakalungkot ng may-ari, pero ngayon ay masaya ulit siya dahil nagbalik na ang lady love niya na kailan lang nakipag-divorce sa asawa. Nagpaplano siyang ligawan uli ang babae at ipapaayos ang kanyang mansyon para rito na pakakasalan niya.”

“Very rich pala! Tita, sabihin mo I charge ten percent from the total cost.” Tumawa siya. “I'm so excited! Magkakaopera ako!”

“Hija, dapat marunong kang makisama kapag doon ka na makikitira.”

“Sureness!”

Eksaktong alas cuatro ng hapon nang nakarating si Lynette sa bayan ng Jose Vicente. Huminto siya sa isang bakeshop sa poblacion para tanungin kung saan mahahanap ang mansyon ng mga Buenavidez. Tinuro naman sa kanya ang direksyon. Matapos magpasalamat ay bumalik siya sa sasakyan.

Ilang sandali pa'y nakita na niya ang mansyon na nakatayo sa burol. Parang *Malacañang Palace* iyon sa laki. Nakakaloka! Doon siya titira habang tinatapos ang magiging kontrata niya at hindi niya alam kung ano ang magiging pakiramdam ng nakatira sa ganoon kalaking bahay. Maliit lang kasing bungalow ang kanilang bahay at sa kuwarto ay ka-share niya ang dalawang kapatid na babae. Siguro naman ay hindi siya malulungkot habang ginagawa ang trabaho niya.

Nag-beep siya pagdating sa bakal na gate at isang matandang lalaki ang nagbukas ng pinto at nagpakilalang si Mang Efren, ang mayordomo. Inihimpil niya ang sasakyan sa gilid ng fountain na may tatlong nimpang nagbubuhos ng tubig. Mataas kasi ang bakod kaya hindi niya nakita ang hardin sa loob. Napakaganda ng hilera ng mga asters at marigolds sa perpektong parisukat, ng chrysanthemum at hydragea na bumabakod sa hagdan-hagdan. Idagdag pa ang mga monumento ng cherubims sa gilid. Magkano kaya ang ginastos ni

Mark Buenavidez para mapatayo ang property na ito?

“Mamaya pa darating si Sir Mark, pero alam niyang darating kayo. Nagpahanda na rin siya ng kuwarto para sa inyo.” Kinuha sa kanya ni Mang Efren ang kanyang bagahe at inimbita siyang sumunod. Umakyat sila sa hagdanan na kumakabit sa malapad na terasa kung saan nakapuwesto ang main door. May isang katulong na nagbukas sa kanila ng pinto at na-excite siya sa nakita sa loob dahil kailangan talagang i-renovate. Siguro mga 1970’s ginawa ang mansyon dahil may pagka-retro ang interior, na may pagka-art deco. Puti ang pintura at kinabitan ng maraming painting at mga ulo ng deer ang dingding. Na-curious siya kung totoo iyon o hindi.

Umakyat sila sa engrandeng hagdanan at pumasok sa madilim na hallway kung saan umalingawngaw ang bawat apak ng kanyang takong. Pumasok sila sa isang malaking kuwarto kung saan may four-poster bed sa gitna. Dumerecho siya sa bintana para mahila ang mabigat na kurtina at mapasukan ng init ng araw ang silid. Napakalambot hawakan ang kurtinang gawa sa velvet at Indian silk. Tumingin siya sa labas; napakaganda ng view kaya lumipat siya sa terasa at binuksan ang pinto para makalabas. Ang sarap ng hangin na humampas sa kanya habang pinapagala

ang mga mata sa poblacion na nasa ibaba ng burol.

Nasa gilid ng dagat na may iilang malaking barkong pangisda ang bayan ng Jose Vicente kaya may matayog itong lighthouse. Sunod sa lighthouse ay ang mga tore ng batingaw ng *Aglipayan Church* at isang simbahang Katoliko ang pinakamataas na makikita. Malapit sa plaza naman makikita ang hilera ng mga bahay-Kastila. At may malaking ilog na dumadaloy sa harap ng isang puting bahay, dumadaan sa likod ng isang eskuwelahan, sa palengke at papunta sa dagat.

“Mga anong oras po darating si Mr. Buenavidez?” tanong niya kay Mang Efren na nakatayo sa loob ng silid.

“Mamayang gabi pa siguro, Ma’am. Papadalhan ko po kayo ng merienda.” At lumabas ito ng silid.

Mula sa terasa ay pumasok uli siya sa loob ng silid para tingnan ang mga Madonna at cherubim paintings na nakasabit sa dingding. Tinitigan niya ang signature ng painter. Foreigner, mahirap basahin! Minabuti niyang humiga sa kama at ang lambot pala, parang nakahiga siya sa balahibo.

Kapipikit pa lamang ng kanyang mga mata nang may kumatok sa pinto at pumasok ang isang babaeng

katulong na bitbit ang kanyang merienda; sandwich at juice. Ipinalagay niya rito ang tray sa isang low table sa gilid ng lounge.

“Salamat,” sabi niya bago nakalabas ang katulong. Gutom nga siya kaya tinikman niya ang sandwich. Ang sarap ng hamonado sa loob! Kahit ang kamatis ay iba ang lasa, dinagdagan pa ng mayonnaise at olives.

Nang nabusog ay nakaramdam siya ng antok. Pagod na pagod nga ang katawan niya sa biyahe. Nagpalit muna siya ng pajama bago muling humiga sa kama at dahil sa lambot ng hinihigaan ay kaagad siyang nilamon ng dilim.

Halos ibalibag na ni Mark ang cellphone niya sa inis. Tatlong araw na ang nakaraan mula nang nakawin ng mga pirata ang kanilang barkong pangisda, ngunit wala pa ring balita para sa kanya ang *Coast Guard*. Napakaimpertinente! Nag-dial siya ng number upang tawagan ang kaibigang may-ari ng security agency para makagawa rin sila ng sariling imbestigasyon. Hindi ito uusad kung ipapaubaya niya lang sa gobyerno.

May kumatok sa pinto ng opisina niya, ang kalihim niyang si Tamong. May tawag daw mula

sa sekretarya niya galing Maynila. Itinaas niya ang handset ng isang telepono at kinausap ang babae. Ipinagbigay-alam nito sa kanya na kinukumpirma ng auditing firm na may irregularities daw na nangyayari sa coal mine niya sa Mindanao. Halos sumabog ang kanyang ulo sa narinig. Ang kinaayawan niya sa lahat ay ang maloko ng mga taong pinagkakatiwalaan niya. Mas matatanggap niya na nakawin ng pirata ang kanyang barko dahil hindi niya kilala ang mga ito at gawain na nila iyon, pero ang malamang ginagantso siya ng mga tauhan ay sobra na.

This was plainly not his day!

Tinawagan niya ang auditing firm para tanungin kung kailan ipapasa ng mga ito ang report dahil gusto niyang basahin. Sampung milyon daw ang nawala sa kompanya ng kanilang pamilya at hindi siya makapaniwala sa laki ng halaga. Ngayong taon lang kasi siya nakabalik sa Pilipinas pagkatapos ng anim na taong paninirahan sa Amerika kaya napabayaan ang mga negosyo rito.

Madilim na sa labas ng bodega na nakatayo sa tabi ng dagat ng Jose Vicente. Kinuha ng binata ang jacket na nakasampay sa kanyang upuan at nag-drive papunta sa bahay ni Atty. Menguez, ang kaibigang matalik ng kanyang papa. Kapag may mga problema

siya ay dito siya humihingi ng payo. Sa gilid lang ng simbahan ang bahay ng abogado at doon siya nagbabad ng tatlong oras na inuman bago siya nagpasyang umuwi.

Bago lumiko pakanan mula sa kinatatayuan ng dambuhalang akasya ay huminto muna siya nang ilang metro sa labas ng puting bahay para tingnan ang sa loob. Doon naninirahan si Corazon, ang childhood sweetheart niya. Nagkahiwalay sila nito nang nagpasya ang babae na pakasalan ang lalaking Spaniard na nakasama nitong nag-aral sa Switzerland. Nasaktan siya kaya nagpakalayo.

At ngayon nga ay nabuhay ang pag-asa niya sa kababata nang narinig niya mula sa kaibigang si Luis na pagkatapos ng anim na taon ay diborsyada na si Corazon. Umuwi siya sa Pilipinas para ipakita sa babae na sila nga talaga ang itinadhanang magsama. Hindi pa niya ito kinakausap dahil hindi pa siya handa. Isang araw ay pupunta siya sa pamamahay ng mga Bustamante para kausapin ang dating kasintahan.

Pagkatapos ng halos kalahating oras ay pinaandar niya uli ang sasakyan para makauwi. Alas diez na at nakapatay na rin halos lahat ng mga ilaw sa kanilang bahay. Pinagbuksan siya ng gate ni Mang Efren at nang makababa siya ng sasakyan ay dumerecho siya

sa study para magbasa ng ilang kasunduan na naiwan ng kanyang papa tungkol sa shares nito sa isang brewery company. Isa rin itong magulong bagay na dapat niyang pag-aralan. Tinawagan niya sa intercom ang katulong sa kusina na kunan siya ng brandy sa cellar at iyon ang kanyang inubos habang nagbabasa ng mga papeles.

Mga alas doce ng hatinggabi nang nakaramdam siya ng antok, kaya lumabas siya ng study at naglakad sa mahabang hallway papunta sa engrandeng hagdanan. Papalabas siya sa dilim nang may nakita siyang isang maliit na babaeng nakaputing pajama at tumititig sa ulo ng usa na nakadikit sa dingding.

Sino ang batang ito? Wala naman siyang bagong katulong. Anak ba ito ng isa sa mga kasambahay? Pero bakit masyadong maganda at may tikas?

Nagkubli siya sa dilim para tingnan ang estranghera. Tamang-tama lang sa kaputian ang mamula-mula nitong kutis, mahaba ang buhok at maganda ang hugis ng mukha na lalong nagpaganda sa bilog na mga mata. She looked very young and fresh!

Kumuha ng upuan ang babae at inilapit ito sa usa para may matuntungan. Habang sakto na ang mukha sa usa ay tiningnan nito mata sa mata ang

hayop. Natuwa si Mark sa nakikita. Pinisil-pisil ng babae ang ilong ng usa, hinawakan ang sungay at bigla ay nahulog ang usa.

Muntik na itong matumba ngunit nabalanse nito ang katawan. Bumagsak naman ang ulo ng usa sa sahig. Napatutop ito sa bibig sa dismaya sa sarili at napatingin sa paligid kung may nakakita.

Nang nakitang walang tao ay pinulot nito ang ulo ng usa at ikakabit sana nang napansing nahulog pala ang pakong kinakabitan. Tumakbo ito palabas ng pinto. Lalabas sana siya para tingnan ang usa nang narinig niyang papabalik ang babae dala ang isang bato.

Pigil-hininga nitong pinukpok ang pako sa dingding para walang magising at mabuti naman dahil muli nitong nakabit ang ulo ng usa. Ang problema ay may napulot ito sa sahig, isang pingas ng sungay! Tumayo uli ito sa upuan at pilit na kinabit ang sungay, ngunit ayaw na nitong dumikit. Tumingin-tingin uli ang babae sa paligid bago isinilid ang sungay sa dibdib, ibinalik ang upuan at umakyat ng hagdanan.

Napatawa siya nang makalabas sa dilim. Lumapit siya sa usa at napailing. Tatalikod sana siya nang kung anong puwersa ay nahulog ang usa at sa mukha niya tumama. Ang kanang mata niya ang napuruhan,

kaya malakas siyang napamura. Lumabas naman si Aling Pasing sa hallway para mag-usisa kung ano ang nangyayari dahil sa ingay na narinig nito.

“Aling Pasing, may nakita akong bata dito kanina. Sino 'yun?” tanong niya.

Napangiti ang kusinera. “Hindi po bata ang nakita n’yo. May dumating po kanina na interior designer.”

“Ah,” sabi niya. “Mukhang high school kasi.”

Nagpakuhasiyangyelosakatulongbago dumerecho sa kanyang kuwarto para makatulog. What a day!

2

Alas siete palaging gumigising si Mark. Bago siya nag-jogging sa burol ay pinagising niya kay Ganggang ang interior designer para makasabay ito ng almusal sa kanya mamayang alas ocho y media. Isang oras siyang nag-ehersisyo bago bumalik sa mansyon at naligo. Pagbaba niya sa hapag-kainan ay nandoon na ang babae, nakatayo malapit sa bintana at nakatingin sa pool.

“Hello,” bati nito, sabay bigay ng kay ningning na ngiti. Naisip niya kung ano kaya ang ginawa ng kaharap sa naputol na sungay.

“Have a seat.” Iniatras niya ang isang upuan sa duluhan. At nang nakaupo ang babae ay pumunta rin siya sa duluhan ng lamesang kasya ang cincuenta katao. Tahimik siyang kumain habang tinitingnan paminsan-minsan ang kasabay sa mesa. Mas cute pala tingnan ito sa umaga. Preskong-presko ang dating, lalo na at dilaw na bestida ang suot nito. Mukha talagang teenager lang, pero siyempre mga early twenties na ang edad nito dahil tapos na ng kolehiyo.

Pagkatapos kumain ay nagpadala siya ng kape sa mesa na nasa pool para roon niya kausapin ang

interior designer.

Pagkaupo nila ay inunahan siya nitong magsalita. “Ganoon ba kumain ang mga rich, malayo sa isa’t isa?”

Napakunot ang noo niya sa tanong nito.

“Kung ganito ba talaga, kumakain sa magkabilang dulo ng mesa ang isa’t isa. Nag-e-enjoy kasi ako na nakikipag-agawan ng hotdog at bacon tuwing umaga.”

“It has always been that way. Kung gusto mong kumain nang malapit sa akin, di mamayang hapunan umupo ka sa gilid ko.”

Ngumiti ito. “I’m Lynette Jontilla. Tita Luz told me to come here dahil nangangailangan daw kayo ng interior designer.”

“How old are you, Lynette? I hope your dad knows you’re here.”

Ang babae naman ang napakunot ng noo. “You look young, but you sound old.”

“Bakit mo nasabi ’yan?”

“Kasi mga gurang lang ang nagtatanong kung alam ng dad ko na nandito ako. By the way, akala ko

nga napapanot na ang buhok n'yo.”

The girl's tongue was kind of strange.

“So ngayong nakita mo na ako at nalamang hindi pala kalbo?”

“Wala lang.” At ininom nito ang kape bago muling nagtanong. “Totoo ba ang mga usa na nakakabit sa dingding?”

Napangiti siya. “Hindi.” Hindi pa rin siya maka-get over sa nakita niyang pagkuha nito sa sungay. Tanungin niya kaya, kaso baka mapahiya ang kausap. “Are you married, Lynette?”

“Kung may ma-in love sa akin na sobrang yaman, why not?”

“Kailangan ba talagang mayaman ang tao para mahalina?” Na-offend siya sa narinig. Ang pinakaayaw niya sa lahat ay ang isang taong mukhang pera. At napakabata pa ng isang ito para maging ganid sa salapi. At hindi bagay sa isang babae na ganoon.

“Ipokrita lang ang magsasabing hindi.”

Aba, matapang!

Nang natapos ang kanilang kape, niyaya niya si Lynette na gumala sa buong mansyon para mapag-

usapan kung paano aayusin ang lugar. Gusto niyang magmukhang pangpamilya ang mansyon, iyong napaka-homey ng dating. Pagpasok nila sa ballroom sa entrada ay ang usa kaagad ang tinuro ni Lynette.

“I hate that! Nakakatakot.” Tinuro rin nito ang puting pintura. “I also hate that! Too cold.” May itinuro pa ito. “I hate that!” dagdag nito patungkol sa pop art painting.

Mukhang paborito yatang salita ng interior designer ang ‘hate’.

Dinala niya rin ito sa living room, sa kusina, sa theater room, sa library at sa main bedroom at marami siyang narinig na kung anu-anong bagay na hate nito. At nang nasa main bedroom sila, hindi niya inasahang lalapit ito sa kama at mang-amoy, mapakunot ng noo at mukhang hindi napigilan ang sarili na magkomento. “I like the smell.”

“Thanks,” sabi niya. “At least, you don’t hate it.”

“Oo nga,” sang-ayon nito, sabay bigay ng nahihiyang ngiti. Mukhang nagsisisi sa mga sinabing hate na bagay.

Ang cute nitong tingnan, kaya medyo nasundot ang puso niya.

“Gusto ko ’yong interiors na hindi maa-out of place ang mga babae,” paliwanag niya dahil ginawa talaga ang bahay na para sa kanila ng kanyang papa. Maaga kasi siyang naulila sa ina at silang dalawa lang ng kanyang ama ang nanirahan sa mansion. Ang totoo, siya nga ang nagpalagay ng mga usa sa dingding noong bata siya. Nabili nila ang mga iyon sa isang shop sa Australia, pero kung sa tingin ni Lynette ay pangit, maaari niyang ipatanggal.

Sa wakas ay natapos nila ang paglilibot. Ibinigay niya ang plano ng kanilang mansyon bago nagpaalam dahil kailangan niyang makapunta sa opisina. “Ikaw na lang ang gumawa ng kontrata natin and I’ll just sign.”

“Okay,” masayang sabi nito, sabay sandal sa hamba ng pinto.

Sumakay siya sa kotse at sinuklian ang pagkaway ni Lynette. Napailing siya habang nagmamaneho palayo ng burol. Para namang sa araw ang babaeng ito, masyadong maningning!

Nang nakaalis si Mark, bumalik si Lynette sa kusina para makipagkuwentuhan sa mga katulong. Gusto niyang malaman kung ano ang personality ng

lady love ni Mark para masakto niya ang design para rito. Hindi naman puwede na ang taste niya lang papairalin at pag natapos ang pagde-design ay hindi pala type ng magiging asawa nito.

“Elegante siya,” sabi ni Aling Pasing, ang kusinera.

“Medyo suplada,” sabad ni Ganggang, ang tagalinis. Binigyan ito ni Nanay Aning ng masamang tingin para tumahimik.

“Sa kanila ang puting bahay na malapit sa akasya na nililikuan papunta dito,” imporma ng labanderang si Bebeth.

Kailangan niyang makita ang babae kahit malapitan. Naisipan niyang pumunta muna sa poblacion para makabili ng sharpener dahil hindi niya makita ang kanyang pampatalas ng lapis sa pencil case. Dala ang kotse niya ay pumunta siya ng poblacion at huminto sa isang mini mart. Nang nakabili ng dalawang sharpeners, isang supot ng bond paper at isang ballpen ay dumerecho siya sa malapit na bakery upang magmerienda. Umupo siya sa isang puwesto at kumain ng chiffon cake. Abala siya sa pagte-text nang may nagsalita.

“Is this seat taken?” Isang guwapong yuppie na lalaki ang nagtanong sa kanya. Nakasuot ito ng

puting t-shirt, pantalon na butas sa tuhod, may goatee ang baba at may hikaw ang isang tainga. Maganda ang diction kaya halatadong laking-mayaman.

“No,” sagot niya.

Umupo ito sa kanyang harap. “I’m Jason Bustamante and you are...?”

“I don’t give my name to strangers,” sagot niya.

Ngumiti lang ito at kumagat sa biniling pandesal. “Paborito ko talaga ang pandesal at ayaw kong nilalagyan ito ng kahit anong palaman.”

“Favorite ko naman ang chiffon at ayaw kong nilalagyan ng kahit anong icing.”

At kapwa sila napangiti dahil pareho pala nilang gustong walang kasarsa-sarsa ang tinapay. Tagarito si Jason at kaga-graduate lang ng Architecture sa isang unibersidad sa Maynila.

“I’m an interior designer at kaka-graduate ko rin lang,” sabi niya. Sabay silang napangiti uli.

“Let me guess, bum ka rin!”

Napatawa siya sa sinabi ng lalaki. “Di na ngayong araw. Siguro after four to five months, bum uli.”

“Bakit?”

“Secret!” sabi niya. Dahil naubos na ang isang slice, bumili pa uli siya ng tatlo at pinabalot. Nagpaalam na rin siya sa bagong kakilala na babalik na siya sa mansyon.

“Mansyon?” tanong nito.

“Kay Mark Buenavidez. I’m staying there. Nagpapa-renovate kasi siya ng mansyon niya.”

Nasiyahan ang lalaki sa narinig. “P’wedeng makisakay? Madadaanan ang bahay namin papunta doon.”

“Sureness!”

Sumakay sila sa kanyang kotse. At pagdating sa harapan ng puting bahay na malapit sa likuan ng akasya ay huminto sila. At napangiti siya nang nagyaya ito sa loob. Itinabi niya ang kotse sa gilid ng kalsada at naglakad sila papasok ng bahay.

Maganda ang bahay ng mga Bustamante. Halatang may taste ang may-ari. Nakita niyang country style ang loob sa mabibigat na furniture na gawa sa mahogany at sa okreng pinta. Hinanap ni Jason ang ina nito sa mga katulong at nalaman nilang nandoon ang matanda sa lanai sa likod-bahay dahil may mga bisita ito. Dumerecho sila roon at sa mesa ay makikita ang dalawang matandang babae at dalawang bata pa.

Ipinakilala siya ni Jason sa mga ito. Ang magkatabi na magkamukha ay ang ina nitong si Consor at nakatatandang kapatid na si Corazon.

Napansin ni Lynette na may hitsura pala ang dating kasintahan ni Mark. Mala-porselanang puti ang kulay ng balat nito at matangos ang ilong. Medyo butlog nga lang ang mata pero nadadala naman. Ang higit na nakakatangi rito ay ang natural na eleganteng paggalaw. Kahit nga ang simpleng pag-upo nito ay napaka-poised, pero iyong hindi mukhang pinilit. Ang dalawang babae naman ay mga pinsan nilang sina Jing-Jing at Maria Fe.

Inestima siya ng mga ito at inalok na kumain ng carbonara saka nakipagkuwentuhan sa kanya.

“Taga-Maynila po ako at kaya po nandito ako sa Jose Vicente ay dahil sa kinuha akong interior designer ni Mark Buenavidez.”

Napatigil ang apat na babae nang narinig ang pangalan ni Mark.

At sa interesadong boses ay tinanong siya ni Jing-Jing. “Totoo nga bang ipapa-renovate ni Mark ang masyon niya?” Tumango siya. “Bakit?”

“I don’t know how to answer that. Baka sabihin ni Mark na tsismosa ako.” Nag-panic siya at baka kasi

gustong isorpresa ng binata si Corazon pagkatapos ay siya pa ang sisira sa balak nito.

“Mark and us are friends,” patuloy ni Jing-Jing. “He will not mind kung sasabihin mo sa amin kung bakit.”

Humingi muna siya ng saklolo kay Jason na nakatayo sa gilid at abala sa pagte-text bago nagsalita. Hindi yata nito naintindihan ang titig niya, kaya sumagot na lang siya. “Well, may iimbitahin yata siya ng kasal, kaya pinapaayos niya ang mansyon.”

Nagngitian ang lahat. At tinuksu-tuko ng magpinsan si Corazon.

“Hindi naman tayo siguradong ako ang yayayain ni Mark,” kinikilig ding salita ni Corazon.

“Meron pa bang ibang gusto 'yon? Ikaw lang ang kinababaliwan niya,” sabi ni Maria Fe. “Dapat kasi hindi ka na nagpakasal sa Español na 'yon. Sana matagal na kayong naikasal ni Mark.”

“Ano ka ba, Ate Fe?” saway ni Jing-Jing. “Let's give everyone an allowance for mistake. Kung hindi nangyari ang mga bagay na 'yon sa kanila ng Español, eh, di sana hindi nalaman ni Corazon na si Mark nga pala talaga ang mahal niya.”

Napatango si Corazon, sabay duko. Mukhang depressed pa ito sa mga nangyari.

Na-curious siyang makinig sa buhay pag-ibig nina Mark at Corazon. Hindi niya ikakaila sa sarili na nakadama siya ng crush kay Mark dahil guwapo at malakas ang personalidad nito at hindi niya maunawaan kung bakit ipinagpalit ito ni Corazon sa isang banyaga.

Inalala ng magpinsan kung paano sumibol ang pagmamahalan ng dalawa noong trece años pa lang ang mga ito. Nag-aaral si Mark noon sa Maynila habang pumapasok si Corazon sa isang Catholic school sa bayan. Sinulatan daw ng huli si Mark ng love letter, at sampung love letters pa ang naipadala nito bago sumagot ang binatilyo. Galit pa ang sagot.

“Napaiyak ako noon,” tawa ni Corazon. “Pero hindi ako sumuko.”

“Nang huli, si Mark din ang napaiyak mo!” sabi ni Consor.

Napatawa ang magpinsan habang napaduko at napangiti nang malungkot si Corazon.

Kinalabit siya ni Jason para imbitahin sa audio room nito kung saan naroon ang ipinagmamalaki nitong drum set. Nag-excuse siya sa mga babae at

magiliw namang pumayag ang mga ito. Dumerecho sila sa maliit na silid na accoustic-proof. Pinaupo siya sa isang stool at nag-drums si Jason sa saliw ng kantang *Champagne Supernova*. Magaling nga talaga ito dahil napapaawit siya. Pagkatapos ng isang kanta ay napapalampak siya at pinilit ang lalaki na tumugtog pa ng isa.

“Ano ba ang hilig ng ate mo?” tanong niya rito.

“Magkatabi kayo kanina, dapat tinanong mo kung ano’ng hilig niya.”

“Nakalimutan ko kasing tanungin.”

“Wala naman siyang masyadong hilig. Magbasa ng mga pocketbooks kapag walang ginagawa, makipagtsismisan.”

“Hindi... I mean, ’yong taste niya tulad ng sa pananamit.”

“Mahilig siya sa mga branded clothes pero simple lang ang yari.”

“Classical?”

“P’wede.”

Ayaw naman niyang magpahalatang curious siya kay Corazon, kaya tinigil na niya ang pagtanong at

nagdesisyon nang bumalik sa mansyon. Pagdating doon ay inayos niya sa library ang kanyang drawing board at mga gamit sa pagde-design. Doon siya pumuwesto malapit sa mga bintana. Ngunit bago niya inumpisahan ang pagguhit ay nag-download muna siya ng isang file, ang kontrata na ipinadala sa kanya ng isang kaibigang abogada at pinalitan ang mga terms and conditions para mag-angkop sa kanila ni Mark. Nang nasiyahan na siya sa kontrata ay ni-save niya ito. Itatanong niya mamaya kay Mark kung saan puwedeng magpa-print.

Na-excite na siyang umpisahan ang kanyang plano. Una niyang ginuhitan ang gusto niyang mangyari sa ballroom. Dalawang tema ang pumasok sa isip niya at kanya itong ginuhit sa tracing paper. Hindi pa nga sana siya titigil sa pagguhit kung hindi niya napansin na papadilim na. Ibinalik niya sa handy box ang kanyang mga gamit at sisindihan niya sana ang ilaw nang pumasok sa aklatan si Ganggang.

“Ma’am Lynette, hinahanap po kayo ni Sir Mark. Nandoon po siya sa kusina.”

“Sige, susunod na ako.” Lumabas siya ng library at pumunta sa kusina. Nadatnan niya si Mark na nakikipagkuwentuhan sa mga katulong habang bitbit ang isang malaking bilao ng kakanin. Iniabot nito

ang dala sa kanya kaya napangiti siya nang malapad.

“Ang sweet naman!” sabi niya. Inalis niya ang plastic na tumatakip sa bilao. Nagpahanda siya ng mga platito kay Ganggang para sa lahat at sabay silang kumain. Tumabi siya kay Mark habang pinuno siya ng mga ito ng tanong. Nagtimpla pa si Bebeth ng juice para mas masarap ang kainan.

“Totoo bang wala kang boyfriend sa ganda mong ’yan?” tanong ni Aling Pasing habang inaayos sa plato ang kanilang magiging merienda.

“Wala po, mga one year na. Masyado po akong naging abala sa paggawa ng thesis ko, kaya nakipag-cool off muna ako kay Gerald. ’Tapos noong nag-graduate na ng college ay hindi na kami nabigyan ng pagkakataon na magkausap kaya ’ayun, tuluyan na po kaming naghiwalay.”

“Baka magka-boyfriend ka dito sa Jose Vicente,” sabad ni Mark habang inuubos ang kakanin nito sa platito. Marunong pala itong makihalubilo sa mga katulong. Mayroon kasing mayaman na naglalagay talaga ng pagitan sa sarili at sa mga kasambahay.

Napahagikgik siya.

Malapit nang mag-alas siete kaya pagkatapos nilang kumain ng kakanin ay niyaya na siya ni

Mark na maghapunan. Medyo busog na siya ngunit mukhang napakasarap ng nilutong relyenong bangus ni Aling Aning kaya pumwesto siya sa mesa at tulad ng ipinangako kanina ni Mark, umupo siya sa tabi nito. At hindi lang iyon, ito pa ang kumuha ng relyeno sa serving plate upang ilagay sa pinggan niya.

“Salamat,” sabi niya habang inumpisahan nang kumain. Ang totoo, mahilig siyang lumamon. Hindi nga lang siya tabain dahil payat talaga ang katawan nilang buong pamilya. Kaya pagkatapos ang isang serving ng kanin na nilagay niya sa pinggan ay naglagay siya uli.

“Mukhang hindi ka nabusog ng kakanin kanina, ah,” pansin nito.

“Actually, hinay-hinay nga ako ngayon dahil may katabi akong guwapo. Kung ako lang nandito, ubos ang kanin na ’yan.” At binigyan niya ito ng kindat.

Napangisi ang binata. At lalo itong gumuwapo nang lumapad ang ngiti. At tila gusto niyang himatayin sa kilig.

Para kay Mark, kakaiba kung tumitig si Lynette habang isinusubo ang kutsara sa bibig. Parang nakakausog! Inosente naman ang mga titig nito

ngunit malalim, parang nakakasakit ng tiyan.

“Oy, huwag ka namang tumitig sa akin ng ganyan,” sabi nito. “Mausog ako!”

Siya pa ang masama kung tumitig? Mukhang pareho yata ang deskripsyon nila sa titig ng isa’t isa. Binigyan siya ng masamang tingin ng dalaga at lalong lumaki ang mga mata nito kaya mas mukhang cute. Siguro dahil sa ilaw kaya parang naging luminous ang kutis nito at sumisinag.

“You look like an angel,” komento niya.

“Excuse me, it’s an understatement,” maldita nitong pagtatama. “Hindi ako anghel, isa akong diyosa!”

Hanep! Panalo ang self-confidence ng kaharap. Naisip niyang tanungin ito kung nasaan na ang naputol na sungay para malaman niya kung paano nito i-handle ang sitwasyon. Ngunit natapos na ang kanilang hapunan ay hindi niya pa rin natanong dahil natakot din siya at baka ma-offend ang babae. Pero alam niyang darating din ang araw para roon.

Nang sumunod na araw, maaga siyang umuwi nang hapong iyon dahil maganda ang mood niya. Nagkaroon na ng balita tungkol sa nanakaw niyang

barko, kaya bibigyan niya ang sarili ng panahon na mag-relax kahit ngayong gabi lang. Dumaan siya sa palengke para maghanap ng pasalubong para sa bisita nila. Binilhan niya si Lynette ng isang kilong lansones. At pagdating niya ng bahay ay tinuro sa kanya ni Ganggang ang library. Nandoon ang interior designer, abalang-abala sa pag-drawing at kakabirit. Trying-hard ang boses nito, pero feeling diva sa pagkanta. Umubo siya para ipaalam na nandoon siya sa silid-aklatan.

“Oy, that’s my favorite!” Hinablol nito ang supot ng lansones mula sa kanyang kamay. At habang binabalatan ang pinakaunang nadampot na lansones ay nagtanong ito sa malambing na boses. “Para naman sa akin ito, di ba?”

Para nga naman talaga sa kanya.

“May gusto pala akong sabihin.”

“Fire away.”

“Inimbita kasi ako ni Jason Bustamante kahapon sa bahay nila. Tinanong nila ako kung bakit mo pinapa-renovate ang mansyon mo. Ayaw ko namang mapagkamalang tsismosa, you know... Gusto ko lang tanungin kung okay lang ba na makipagtsikahan ako kay Corazon, parte sa kung ano ba ang gusto niya sa

isang bahay.” Tumigil muna ito bago muling nagsalita sa maarteng boses. “Wait... si Corazon nga ba talaga ang babaeng gusto mong pakasalan?”

“I never said I’m getting married,” sagot niya. Hindi niya naaalala na may sinabi siyang ganoon sa kausap.

“Oops, sorry!” sabi nito habang namumula ang mukha. “Gusto ko lang kasing malaman kung sino nga ang pinaglalaanan. Magpapagod tayo, ’tapos sa huli ay hindi naman pala niya magugustuhan. Sayang lang ang magiging pagod natin.”

May punto si Lynette.

“Do whatever you think is right.” Siguro naman kahit hindi niya sabihin kung sino ang tinutukoy niyang babae ay itsitsismis din ito ng mga katulong sa interior designer. At kaibigan pa pala nito si Jason. Imposibleng hindi malalaman ng babae ang mga nangyari.

Ipinakita nito ang dino-drawing sa kanya. Plano raw nitong lagyan ng madalandang dilaw na kulay ang ballroom at kakabitan ng mga puting kornisa at mouldings. Ang isa namang tema, gusto nitong punuin ng kahoy ang dingding para maging English palace ang dating, pero mas mahal daw ang design

na ito.

“Which do you think is better?” tanong ni Lynette.

Hindi niya alam. Magaling siya sa Math, pero mahina siya sa arts. Sining ang kahinaan niya. May naisip siyang ideya. “Give me those drawings.”

Ibinigay nito sa kanya ang dalawang tracing papers. At kahit may agam-agam ay sumakay siya sa kanyang kotse at nagmaneho papunta sa malaking akasya. Doon siya huminto at nag-doorbell sa labas ng puting bahay. Pinagbuksan siya ni Aling Consor na nagwawalis ng mga tuyong dahon.

“Mark, napadalaw ka?” sabi ng ginang.

Humalik siya rito at nagsabing gusto niya sanang dalawin si Corazon.

“Pasok ka sa loob at tatawagin ko si Corazon.” Sumunod siya rito sa pagpasok sa bahay at umupo sa mariposang sala. Ilang sandali pa’y nasilayan niya si Corazon na bumaba ng hagdanan.

“Napadalaw ka?” tanong ng babae. Umupo ito sa lounging chair malapit sa kanya.

Nag-aral ito sa Switzerland. Dahil malayo sa mga mahal sa buhay, na-homesick ito at nalungkot. Sa oras ng kalungkutan ay nandoon palagi sa tabi nito

si Miguel, isang Español, para damayan ito. At hindi nito naiwasan ang mahulog ang loob dito. Nagpakasal ang dalawa pero hindi nagtagal ang kanilang relasyon at naghiwalay. Hindi pa nga nakausap ni Corazon si Mark simula nang nagpakasal ito.

Hindi naman alam ng binata kung ano ang sasabihin dahil matagal na rin na hindi sila nakapag-usap. Pero nandito na siya kaya tatanungin na niya ito.

Ipinasa niya rito ang dalawang tracing papers. “Satingin mo, ano ang mas magandang design?”

Napangiti naman ang dating kasintahan habang tinitingnan ang plano. Matagal itong nagdesisyon bago tinuro ang disenyo na nilagyan ng mga kahoy ang dingding. Kinuha niya ang mga papel.

“Nagpapa-renovate ka pala? Bakit?” tanong nito.

“Wala lang...” Paano ba niya dapat sabihin kay Corazon na plano niya itong yayain ng kasal? Naduduwag siya. “Ah.. alis na ako.” At tumayo siya. Pagkakataon na nga sana niya ito pero marami pang bukas. Nandito lang naman si Corazon sa Jose Vicente. Hindi siguro ito muling aalis.

Hinatid siya nito hanggang sa gate. Sumakay siya sa kotse at pagdating sa mansyon ay nakita niyang

nagpi-picture ng sarili si Lynette habang nakaupo malapit sa mga bulaklak. Sobrang pa-cute nga.

“Hallo!” tawag nito. “Picture-an mo naman ako, please...” Lumapit ito sa kanya at iniabot ang camera. May magagawa pa ba siya gayong nasa kamay na niya ang camera?

Kinuhanan niya ito ng larawan sa iba’t ibang anggulo at sa ibang bahagi ng hardin. Natapos lamang ang ‘photo shoot’ nang dumilim na.

Pero nang nasa pinto silang dalawa ay ibinigay uli sa kanya ni Lynette ang camera dahil magpapa-picture sila at dahil mas mahaba ang kamay niya kaya siya ang pipindot sa shutter.

“Ipo-post ko ’to sa *Facebook* at ikakalat kong boyfriend ko ang kasama ko sa litrato,” walang hiya-hiya na sabi nito.

Napangiti naman siya sa gimmick ng babae.

Nang kumakain sila ng hapunan, sinabihan niya si Lynette na ang disenyo na puno ng wood mouldings ang gusto niyang ipagawa sa ballroom.

“Mahal ’yon.”

“Okay lang,” aniya. Wala namang problema sa kanya ang pera basta maganda lang ang pagkagawa

Sweet Lynette - Sefah Mil

ng bagong interior design ng bahay.

3

Gustong mangtuklas ni Lynette sa mansyon ngayong araw. Ginalugad niya ang buong ikalawang palapag at lahat pala ng sampung silid ay kuwarto na may four-poster na higaan. Isa nga lang ang hindi niya mabuksan—ang kuwartong pinakadulo sa kaliwa. Naka-lock kasi kaya hindi na niya pinilit na pasukin. Bumaba siya sa unang palapag at dumerecho sa pinto patungo sa likod-bahay na ayon kay Mang Efren ay may isang bodega. Malaki ang silid at punong-puno ng mga karton, paintings at mga lumang muebles.

Napatakbo siya nang makita ang isang Queen Anne highboy na malapit sa bintana. Ang ganda nito sa mga gintong palitada at sa cabriole na mga paa. Binuksan niya ang mga drawers at doon ay may nakita siyang mga litratong hindi man lang inayos ang pagsuksok. Umagaw sa kanyang pansin ang isang larawan, ang dalawang mukha na may masasayang ngiti. Kinuha niya ito para tingnan; sina Mark at Corazon na nakaakbay sa isa't isa. Dalagita at binatilyo pa ang dalawa rito at in love na in love sa isa't isa.

Tiningnan pa niya ang ibang litrato kung saan nag-camping ang mga ito kasama ang mga kaibigan, pumunta ng dagat, nag-date sa mall, nag-dinner... Ngunit may isang litrato siyang napulot na ibang babae ang kaakbay ni Mark. Magandang tsinita at mukhang kasing-edad din ng mga teenagers sa ibang mga litrato. Siguro ibang girlfriend ito noon ng lalaki at mukhang masaya rin ang dalawa.

Hindi naman niya matatanong ang kanyang tiyahin tungkol sa isa pang babae sa buhay ni Mark dahil kasalukuyan itong wala sa bansa kasama ang asawa nito.

Nag-beep ang cellphone niya na nakalagay sa bulsa ng kanyang pantalon. Binasa niya ang mensahe; galing iyon kay Jason na nang-iimbita na gumala sila. Sinagot niya iyon na sang-ayon siya.

Nagpakuha ng ilang bote ng champagne si Mark sa cellar kay Mang Efren para dalhin sa bahay ni Jing-Jing. Inimbitahan siya nito na maghapunan doon, kaya dapat magdala naman siya ng kanyang ambag sa pagtitipon. Habang nilalagay ang mga bote ng alak sa karton ay sinabihan niya ang kasambahay na huwag kalimutang ipaghanda ng hapunan si Lynette.

“Umalis kanina si Lynette. Sinundo ni Jason para sa pagtitipon doon kina Jing-Jing,” sabi ni Aling Pasing.

Inimbita rin pala nila ang babae. Mabuti at nagkaroon ng kaibigan dito ang Interior designer para hindi maburo.

Maraming tao na ang nadatnan niya sa bakuran ng bahay ni Jing-Jing. Nakapuwesto ang mesa sa ilalim ng puno ng mangga na iniilawan ng nakalambitin na mga capiz.

Kinamusta niya ang lahat at dumikit siya kay Hon. Bongbong Menguez, anak ni Atty. Menguez, na nakatayo malapit sa terasa ng bahay para makipag-usap tungkol sa mga nangyayari ngayon sa lokal na politika. Si Corazon naman ay abala sa pagtulong kay Jing-Jing sa pag-ayos ng mesa. Maraming putahe ang inihanda para sa hapunan.

Nang naayos na ang mesa ay inimbita na ni Jing-Jing na maupo ang mga panauhin. Umupo siya sa gilid ni Corazon at mukhang masikip para sa kanilang lahat ang mesa. Dumating pa sina Lynette at Brian.

“Hello, Mark!” bati ng dalaga habang umuupo sa silya na nasa kanyang gilid.

“Kanina ka pa dito?” tanong niya.

“Oo, doon kami sa loob at nanood ng soccer sa telebisyon.”

Nakasuot lang siya ng shorts at nararamdaman niya ang lambot ng hita ni Lynette sa ilalim ng mesa. Yumuko siya upang tingnan kung ano ang suot ng designer. Ang iksi ng palda nito at nasilayan niya ang legs nito, kaya kaagad niyang inilayo ang mga mata at nakipag-usap kay Corazon.

“Natatandaan mo bang palagi tayong naghahapunan dito?” tanong ng dating nobya.

Tumango siya habang inilalayo sa hita ni Lynette ang kanyang binti at mukhang nilalayo rin ng dalaga ang binti nito sa kanya. Sa sobrang iwas ay nasagi niya ang nakapantalong binti ni Corazon. Nagbigay ng nahihiyang ngiti ang dating kasintahan.

“Oo nga. Mabuti naman at muli n’yo akong inimbata.”

“Mabuti nga naman at pinaunlakan mo kami.”

“Kayo pa.”

At humalakhak ang ibang nag-uusap. Napatingin siya kay Lynette at muling nagsagian ang kanilang mga binti. Nakita niyang natigilan ito. Ang lambot talaga ng binti ng katabi. Iyong malamig na medyo

mamasa-masa. At ang sariwa ng amoy nito palagi. Iyong parang nakakagigil.

Nagpatuloy ang hapunan. Hindi maiwasan na magsagian ang mga binti nina Mark at Lynette sa ilalim ng mesa. Halos magkakadikit na ang mga silya at masikip din. Hindi naman kasi siya nakalapit nang ganito sa dalaga tuwing nag-aagahan sila o naghahapunan kaya hindi niya inasahan ang magiging reaksyon ng kanyang katawan.

Sumakit ang puso niya kaya medyo nawalan siya ng ganang kumain. Kahit anong pilit niyang mag-concentrate sa pag-uusap nila ni Corazon ay napupunta pa rin ang isip niya sa kalambutan ng binti ni Lynette. Ano bang sistema ito? Paano na siya makakapagpahiwatig kay Corazon kung sa ibang bagay napupunta ang kanyang isipan?

Dahil abala sa pakikipagtawanan si Lynette kina Brian at Bongbong ay hindi nito napansin ang kanyang pagkaasiwa. Gusto niyang haplusin ang binti ng katabi at matinding pagpigil ang ginawa niya sa sarili para huwag idampi ang kamay roon. Ang balahibo niya sa batok ay nagtayuan na dahil sa gigil.

Pagkatapos kumain ay nagpatugtog ng salsa si Jing-Jing at nag-umpisa ang sayawan. Maging sina Jason at Lynette ay sumayaw. Dahil hindi

marunong sumayaw si Mark, nanood na lang siya sa sayawan. Sana ay hindi nahalata ni Corazon ang pagtitig niya paminsan-minsan sa mga binti ni Lynette. Ngayon lang niya nakitang nagsuot nang maiksi ang interior designer dahil palagi itong nakapantalón. At magaling itong sumayaw ng salsa—seksi at maalindog.

Alas diez na ng gabi nang magsimulang maguwian ang mga bisita. Hindi magkasabay na umuwi sina Mark at Lynette. Inihatid niya si Corazon sa bahay nito at saktong pagdating niya sa mansyon ay dumating ang motorsiklo ni Jason, kaya sabay sila ni Lynette pumasok sa pinto. Binigyan siya nito ng nailang na ngiti bago tinungo ang hagdanan para makapunta sa kuwarto nito.

Habang nakaupo sa couch na kinaladkad niya papuntang terasa ay tahimik na tiningnan ni Lynette ang poblacion sa ilalim ng kalahating buwan. Nakataas ang binti niya at kanya itong hinihimas habang inaalala kung paano siya nakiliti kanina nang naghaplusan ang kanilang mga binti ni Mark sa pagtitipon. Hindi niya akalain na makaramdam ng matinding sensasyon at hindi niya mapigilan ang sarili na ulit-ulitin sa kanyang gunita

ang nangyari.

May nararamdaman siyang kung anong init habang nakikita niya sa isip ang imahe ng binata. Dapat matigil ito dahil madedehado siya sa huli. Gustong pakasalan ni Mark si Corazon at hindi na siya makakahabol dahil malalim na ang pinagsamahan ng mga ito. Pumunta siya rito para magdisenyo ng bahay, hindi para maglandi.

Ibinalik niya ang couch sa loob, sa dating lagayan sa gilid ng tokador at inihagis ang katawan sa napakalambot na kama. Kaagad namang kinain ng dilim ang kanyang gunita. Nang napunta na siya sa daigdig ng mga panaginip ay naulit ang pagtitipon at hindi lang naghaplusan ang kanilang mga binti ni Mark, ibinaba pa ng lalaki ang kamay nito para unti-unting damhin ang kanyang nanginginig na hita.

Kinaumagahan, sabay silang nag-agahan ni Mark at tulad ng dati ay wala namang naging pagbabago sa kanilang pakikitungo. Pagkatapos kumain ay dumerecho na siya sa ballroom para maumpisahan na ang paggawa ng contractor sa plano niya para roon. Pinatibag niya ang lahat na nakakabit sa dingding at pinabalot ang mga usa para maidala sa bodega.

Nang nakitang wala namang problema sa pag-

intindi ang contractor sa gusto niyang mangyari ay bumalik siya sa library para maumpisahan ang magiging plano niya sa sala. Gumawa uli siya ng sketch sa tracing paper. Classical English design kasi ang pinili ni Corazon sa ballroom, kaya dapat sumunod din dito ang sala. Gusto niyang intrikado ang kisame at light mocha ang kulay ng dingding na may punting kornisa at dado na may classical paintings na nakakabit. Nang natapos niyang kulayan ang perspective ay kinuha niya ang kotse at dumerecho sa puting bahay. Si Corazon ang sumalubong sa kanya.

“Hmm... mukhang tapos na ang ballroom at sa sala naman ang aayusin,” anito, sabay ngiti. “Importante ba talaga ang reaksyon ko?”

Ngiti lang ang sagot niya. Ano ba ang dapat niyang isagot?

“Maganda siya. Gusto ko ang disenyo.” At inimbata siya nito sa kusina dahil may niluto itong pansit Malabon. Hindi siya tumanggi.

Naisip ni Lynette na dapat niyang sagutin ang mga tanong ni Corazon kung bakit pinapa-renovate ni Mark ang mansyon at bakit palagi itong hinihingan ng reaksyon.

“Hindi pa rin ba kayo nakapag-usap ni Mark?”

tanong niya.

Hindi nakasagot si Corazon, mukhang napahiya.

Napahiya rin siya. Dapat hindi siya nagtanong ng ganoon. Binilisan niya tuloy ang pag-ubos ng pagkain para makaalis na.

“Balik uli ako dito, ha,” sabi niya nang papasakay siya ng kotse.

“Feel free to come here anytime,” nakangiting saad nito.